

Mga Larawan ng Politika sa Lalawigan “Sibilisado” ng Misamis, 1901-1909

Neil Martial R. Santillan

Sa unang tatlong dekada ng siglo 20, pinakamataong hurisdiksiyong politikal sa Mindanao ang probinsiya ng Misamis. Matagal nang sentrong politikal ng lalawigan ang kabesera nito, ang Cagayan de Misamis na magiging Cagayan de Oro nang naging ganap na lungsod ito noong 1950. Batay sa unang sensus na inilunsad ng mga Amerikano noong 1903, higit na mas malaki ang populasyon ng Misamis sa pinagsamang populasyon ng mga lalawigan ng Davao, Jolo, at Zamboanga. Sa nasabing sensus, lumikha ang bagong kolonisador ng mga categoryang “mababangis” (*wild*) at “sibilisado” (*civilized*) bilang pantukoy sa “antas ng kultura at pag-unlad” ng iba’t ibang pangkat etniko sa bansa. Sa Mindanao, tanging ang mga probinsiya ng Misamis at Surigao ang tinaguriang mga “lalawigan sibilisado” sa Mindanao dahil sa laki ng bilang ng mga Kristiyanong mamamayan ng mga ito. Sa madaling sabi, pangunahing batayan ng pagiging “sibilisado” sa pananaw ng mga Amerikano ang pag-angkin ng mga Filipino ng ipinataw na relihiyon at kabuuang kultura ng naunang kolonisador.

Binansagan naman ng mga Amerikano na “mababangis” ang mga pamayanang etniko na kinabibilangan ng mga Moro (mga katutubong Muslim tulad ng mga Maguindanao ng Cotabato, Maranao ng Lanao, at Tausug ng Sulu) at Lumad (mga katutubong di-Muslim gaya ng mga Bagobo ng Davao, Tboli ng Cotabato, at Subanen ng Tangway ng Zamboanga). Sa paglatag ng mga categoryang “sibilisado” at “mababangis,” ipinagpatuloy lamang ng mga Amerikano ang ipinalaganap ng mga Espanyol na mito ng barbarismo bilang paglalarawan sa mga kalinangang Filipino na hindi umangkin ng kabihasnang Kanluranin. Higit na mahalaga rin sa mga Amerikano na palawigin ang nasabing mito upang lalong patibayin ang kanilang adhikain na gawing “sibilisado” ang mga Filipino alinsunod sa “Benevolent Assimilation” na ipinahayag ni Pangulong William McKinley ng Estados Unidos.

Sa pagtukoy sa Misamis at Surigao bilang tanging mga lalawigan “sibilisado” sa pangalawang pinakamalaking isla ng bansa, pinagsanib ang malaking bahagi ng Mindanao na katatagpuan ng maraming pamayanang Moro at Lumad sa iisang hurisdiksiyong politikal na tinawag na Lalawigan Moro sa pamumuno ng isang pinunong militar na Amerikano noong 1903. Sa kabilang banda, sibilyan at taal na mga pinunong lokal ang hinirang ng bagong kolonisador na magpatakbo ng pamahalaang panlalawigan sa Misamis at Surigao simula noong 1901. Limang taon lamang matapos ang pagkakatatag ng pamunuang sibilyan sa Misamis, lumitaw ang